UK Health
Security
Agency

NHS

# Ang iyong gabay sa bakuna laban sa RSV para sa matatanda

**Paano protektahan ang sarili sa pamamagitan ng pagpapabakuna laban sa Respiratory Syncytial Virus (RSV)**



**Impormasyon tungkol sa libreng bakuna laban sa RSV para sa mga tao na:**

- magiging 75 taong gulang sa o pagkalipas ng ika-1 ng Setyembre 2024
- ay nasa edad na 75 hanggang 79 na taong gulang sa ika-1 ng Setyembre 2024

## Ano ang RSV?

Ang Respiratory Syncytial Virus (RSV) ay isang nakahahawang sakit sa daluyan ng hangin at baga. Ang impeksyong RSV ay madalas na nagdudulot ng mga sintomas tulad ng sipon, ubo, namamagang lalamunan, pagbahing, at tumutulo o baradong ilong. Maaari din itong magdulot ng pagkakaroon ng paghuni habang humihinga o pangangapos ng hininga, at magdulot ng pulmonya at iba pang mga kondisyong nakamamatay. Walang tiyak na paggamot, at karamihan sa mga impeksyon ay gumagaling nang kusa. Bawat taon, libu-libong matatanda ang nangangailangang maalagaan sa ospital para sa RSV, at ilan sa kanila ay namamatay. Ang RSV ay maaaring maging mas malubha sa mga taong may mga kondisyong medikal tulad ng sakit sa puso, baga, o mahina ang immune system.

Karaniwan ang impeksyong RSV sa mga bata ngunit mas delikado para sa mga sanggol at matatanda.



## Paano nakukuha ang RSV

Maaaring magkasakit ng RSV kahit kailan sa buong taon ngunit ang mga kaso ay tumataas tuwing taglamig.

Ang RSV ay kumakalat sa pamamagitan ng pag-ubo at pagbahing. Maaari kang makatulong na maiwasan ang pagkalat ng virus sa pamamagitan ng pagtatakip ng iyong bibig at ilong kapag umuubo o bumabahing (gamit ang tisyu, o iyong braso), at madalas na paghuhugas ng kamay upang mabawasan ang panganib na makuha ang virus. Kahit pa ginagawa ang mga hakbang na ito, mahirap iwasan ang mahawa ng RSV.

Ang pinakamainam na paraan upang protektahan ang iyong sarili ay ang pagpapabakuna.

## Paano gumagana ang bakuna?

Halos lahat ng matatanda ay ilang beses nang nagkaroon ng RSV sa kanilang buhay. Ang isang dosis ng bakuna ay makatutulong upang mapalakas ang proteksyon habang umaabot ka sa pangkat ng edad na may pinakamataas na panganib na magkaroon ng malubhang RSV.

## Mayroon bang iba pang mga tao na kwalipikado para sa bakuna laban sa RSV?

Ang mga buntis na kababaihan ay inaalok din ng bakuna upang maprotektahan ang kanilang mga sanggol laban sa RSV. Maaari mong basahin ang gabay sa bakuna laban sa RSV para sa mga buntis na kababaihan dito:

**www.gov.uk/government/publications/respiratory-syncytial-virus-rsv-maternal-vaccination**

### Kailangan ko bang magpabakuna bawat taon?

Hindi, inaasahang magbibigay ang isang dosis ng bakuna ng mahusay na proteksyon sa loob ng ilang taon.



### Sino ang dapat magpabakuna laban sa RSV?

Ang lahat ng magiging 75 taong gulang sa o pagkalipas ng ika-1 ng Setyembre 2024 ay aalukin ng isang dosis ng bakuna laban sa RSV. Ito ay dahil ang mga mas matatanda ay mas nanganganib sa malulubhang komplikasyon mula sa RSV. Maaari ka pa ring magpabakuna hanggang sa araw bago ka mag-80 taong gulang.

Sa unang taon ng programa, ang bakuna ay ibibigay din sa mga nasa edad 75 hanggang 79 na taong gulang sa Setyembre 1, 2024 bilang bahagi ng programa ng paghahabol.

### Paano naman ang mga tao na wala pa sa edad na 75?

Ang mga mas bata-bata ay aalukin ng bakuna kapag sila ay umabot na sa edad na 75 taong gulang.

### Maaari ko bang makuha ang bakuna laban sa RSV kasabay ng aking bakuna laban sa COVID-19 o bakuna laban sa trangkaso?

Ang RSV ay hindi karaniwang ibinibigay kasabay ng iyong mga bakuna laban sa COVID-19 o bakuna laban sa trangkaso.

Sa ilang sitwasyong klinikal, maaaring ligtas na ialok ito ng iyong doktor o nars nang sabay.

### Maaari ko bang makuha ang bakuna laban sa RSV kasabay ng bakuna laban sa shingles o sakit na pneumococcal?

Oo, maaari mong makuha ang mga bakunang ito nang sabay.

### Mayroon bang sinuman na hindi dapat magpabakuna nito?

Halos lahat ay maaaring magpabakuna nito, ngunit sabihin sa doktor o nars kung nagkaroon ka na ng malubhang allergy sa isang bakuna, o sa alinman sa mga sangkap nito.

Kung mayroon kang di malalang sakit tulad ng sipon, maaari kang mabakunahan nito, ngunit kung ikaw ay may malubhang sakit o may lagnat, maaaring payuhan ka ng doktor o nars na maghintay hanggang ikaw ay gumaling.

## Magbibigay ba sa akin ng ganap na proteksyon ang bakuna?

Napatunayan na ang bakuna ay nakababawas ng tsansa na magkaroon ka ng RSV. Katulad ng lahat ng gamot, walang bakuna ang ganap na epektibo at maaaring magkasakit pa rin ng RSV ang ilan sa kabila ng pagbabakuna. Kung magkaroon ka man ng RSV, dapat ito ay hindi kasing-lubha.

## Gaano ako katagal maproprotektahan?

Sa mga klinikal na pag-aaral, nagbibigay ang bakuna laban sa RSV ng magandang proteksyon nang hindi bababa sa 2 taon, at inaasahang mas tatagal pa ito.

## Magkakaroon ba ako ng anumang mga side effect?

Maaari kang makaranas ng kaunting pananakit, pamumula, o pamamaga sa bahagi kung saan ka tinurukan ng bakuna sa loob ng isa o dalawang araw.

Sa unang panahon ng paggamit sa US, mahigit sa 12 milyong dosis ang naibigay. Naiulat ang isang madalang na kondisyon sa nervous system na tinatawag na Guillain-Barré syndrome na nagdudulot ng kahinaan, mga 10 kaso sa bawat milyong dosis na naibigay. Ang parehong kondisyon ay nagaganap din pagkatapos ng ilang karaniwang impeksyon at ilang bakuna ngunit sa kabuuan, mas ligtas pa rin ang magpabakuna kaysa sa magkaroon ng maaaring malubhang impeksyon ng RSV.

## Ano ang dapat kong gawin ngayon?

Kokontakin ka ng iyong GP practice para gawan ka ng appointment para sa iyong bakuna laban sa RSV kapag sumapit ka ng 75 taong gulang.

Kung nasa edad na 75 hanggang 79 na taong gulang ka at hindi ka nakatanggap ng imbitasyon, kontakin ang iyong GP practice para magpa-appointment para mabakunahan ka ng bakuna laban sa RSV.

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Maaari mong basahin dito ang polyeto ng impormasyon para sa pasyente tungkol sa bakuna laban sa RSV na tinatawag na Abrysvo:

**www.medicines.org.uk/emc/product/15309/pil**

Kung mayroon kang higit pang mga katanungan, kausapin ang iyong practice nurse, GP o iyong health team.

Maaari mong iulat ang mga mararanasang side effect sa Yellow Card website o sa pamamagitan ng pagtawag sa libreng linya ng telepono na 0800 731 6789 (9am hanggang 5pm, Lunes hanggang Biyernes) o sa pag-download ng Yellow Card app.

**www.mhra.gov.uk/yellowcard**

© Crown copyright 2025. Version 4. UK Health Security Agency Gateway Number 2024975. Product code: V2C24RSV01TAG Tagalog. 2P 130K FEB 2025 (APS). To order more copies of this asset, please visit: www.healthpublications.gov.uk or call 0300 123 1002. This leaflet is available as a BSL video, and audio file, in braille, large print and translated into 30 community languages.